# Isang Dantaon Ng Interbensyong Amerikano

ALICE G. GUILLERMO, PH.D.*

This paper highlights the historical interventions and manipulations that the American Imperialists had on the Philippines for the past century. The discussion traces American presence in the country from their (American) non-recognition of Filipino freedom fought by Filipino revolutionaries in 1898 until the recent approval of the Visiting Forces Agreement. This paper shows how the Americans have socialized the Filipino mentality by exerting a strong influence on its education and politics and exporting the entire American culture to the Philippines. In the process American culture has distorted our own view of our own individuality and identity

It ends with a conclusion that refusal to agree with the latest propaganda of the Imperialists-- even on its own may be the best lesson we could ever learn, something very significant in the new millenium.

* Kasalukuyang Propesor sa Departamento ng Aralin sa Sining, Kolehiyo ng Arte at Literatura, Unibersidad ng Pilipinas, Diliman.

ISANG DANTAON NA ANG NAKALIPAS NANG INAGAWAN TAYO NG kalayaan na magiting na ipinaglaban ng rebolusyonaryong *Katipunan* na unang pinamunuan ni Bonifacio noong 1896 hanggang sa mga pader mismo ng Intramuros noong 1898. Kung hindi sila hinadlangan ng mga tusong Amerikano ay napasakamay na sana sa mga rebolusyonaryo at ng buong bayan ang kalayaan at soberanya.

Dahil sa patuloy na pakikibaka ng taumbayan, ginantihan ito ng mga Amerikano nang malawakang pandarambong sa Pilipinas, isang bansang Asyano na pinilit nilang sakupin, ang unang Byetnam na nakaranas ng marahas na panghihimasok ng Estados Unidos. Nandiyan ang malawakang panunurog sa Samar, sa Batangas, at marami pang pook, hanggang sa ito, sa wika ng Heneral Jake Smith, ay maging isang umaalingawngaw na kagubatan sa nagkalat na bangkay sa putok ng baril at apoy. "Huwag mag-iwan ng bihag," ika nga niya, at pinapatay ang kalalakihan mula sa mga batang nag-uumpisa pa lamang magkamalay hanggang sa matatanda. Pinagbawal nila ang pagwawagayway ng bandila; pinagbawal din nila ang pagpupulong-pulong. Ngunit kahit matapos sumuko si Heneral Malvar, kahit matapos mahuli at mabitay si Heneral Sakay, nanatiling sariwa ang mithiin para sa kalayaan sa mga dibdib ng mga tunay na rebolusyonaryo.

Matapos ang madugong panghihimasok ng mga Amerikano at nang maitatag ang gobyerno sibil sa kapuluan, nagsimula na ang propaganda. Ang pananakop ng mga Amerikano sa Pilipinas ay isa raw pasya ng tadhana at ang pagsasatupad nito ay sa pamamagitan ng "benevolent assimilation"—isang mapagparayang asimilasyon sa kolonyal na istruktura.

Pagkatapos nito'y nagpadala naman sila ng mga maestro't maestrang galing sa Amerika—ang mga *Thomasites*. Ito'y upang magturo sila ng Ingles sa mga paaralang pampublikong itinatag sa buong kapuluan, ikalat ang kabihasnang Amerikano sa buong bansa, gawin tayong mga Amerikano sa isip at diwa; idiin sa ating isip na higit na mahalaga ang "apple" sa "atis". Ang mga batang si Pepe at Pilar ay nagsalita ng Ingles at ang mga awiting bayan, kasama na ang mga uyaying panghele sa sanggol, ay

isinalin sa wikang Ingles. Hindi nagtagal at naapektuhan ang mismong pagtingin natin sa sarili, na nagbunga kalaunan ng pag-aalinlangan sa sariling kakanyahan at katauhan.

Bukod pa dito'y kinalinga ng kolonyal na gobyernong Amerikano ang mga ilustradong maykaya at ang mga pinakamahusay na mag-aaral sa sistemang kolonyal. Sila'y binigyan ng maluwag na pagkakataong mag-aral sa Estados Unidos sa pamamagitan ng sistemang pensyonado. Dahil dito'y tumanaw sila ng malaking utang na loob sa kolonyal na gobyerno at naging tanda ng pag-angat nila ng pusisyon sa lipunan. Ang mga pensionado ang unang binigyan ng mga puwesto sa kolonyal na burukrasya samantalang binigyang garantiya ang malalawak na lupain ng mga ilustrado. Sa kalaunan, lumabo ang diwang makabayan at unti-unting narahuyo ang marami sa liberalismong kaugnay ng sistemang pang-ekonomiya batay sa paglikha ng tubo sa kalakalang panloob at panlabas.

Nakita ang epekto ng propagandang Amerikano sa panahon ng Pangalawang Digmaang Pandaigdig nang ang Pilipinas ay sakupin ng mga Hapones. Tinampok na bayani si Heneral Douglas McArthur ng USAFFE bagamat linisan niya ang Pilipinas sa kaigtingan ng digmaan at bagamat ang tunay na lumaban sa buong panahon ng digmaan ay ang mga gerilyang Filipino, lalo na ang mga gerilyang may adhikaing sosyalista. Nang bumalik ang mga kawal na Amerikano, sinalubong silang parang mga bayani ngunit ipinagpatuloy ng mga Amerikano ang pinsalang ginawa ng mga Hapon sa malawakang pagbobomba ng buong Kamaynilaan.

Umuusok pa ang Maynila sa katatapos na giyera nang idineklara ng Estados Unidos ang kalayaan ng Pilipinas. Sa gitna ng ating mahina at kalunos-lunos na kondisyon, sapilitang ipinasingit bilang pagbabago sa Konstitusyon ang tinatawag na *parity rights* na nagbibigay sa mga Amerikano ng pantay na karapatang makinabang sa ating mga likas na yaman. Sa panahong ito rin pinirmahan ang kasunduan tungkol sa mga base militar ng Estados Unidos sa Pilipinas. Ang mga ito ay naging mga malupit na kondisyon para ibigay ang *war damage compensation* sa bansang nasa malubhang kalagayan. Sa panahon

ding matapos ideklara ang kalayaan ng Pilipinas, ang kolonyalismong Amerikano ay naging neo-kolonyalismo na isang pagbabalatkayo sapagkat di-tuwiran ang paghawak sa isang bansa sa pamamagitan ng mga opisyales sa burukrasya na namamanginoon sa mga Amerikano.

Nang matapos ang digmaan at makamit ang kalayaan bagamat huwad noong 1946, nagkaroon ng pagsusuri sa panig ng mga intelektwal kung ano ang ating pambansang kultura at kakanyahan—mga katanungang inakalang nararapat sa pagkamit ng soberanya. Isa sa mga unang bumatikos sa neo-kolonyalismong Amerikano ay si Claro M Recto. Isiniwalat niya ang mga istratehiya ng neo-kolonyalismong Amerikano, ninais niyang buhayin ang pambansang kamalayan at labanan ang "colonial mentality." Samantala, sa likod ng gobyerno ni Magsaysay nagmamaneobra ang kamay ng *Central Intelligence Agency* (CIA) sa pamamagitan ng konsultant na si Lansdale. Alinsunod sa mga Amerikano, winasak ni Magsaysay ang istruktura ng mga Hukbalahap na siya noong nagtaguyod ng mga sosyalistang adhikain.

Lumala ang kondisyong pang-ekonomiya ng bansa dahil sa pagtaas ng presyo ng gasolina at sa mga dikta ng *IMF-World Bank* sa ekonomiya. Sa kalagitnaan ng dekada sesenta pumutok ang marahas na panghahagupit ng Estados Unidos sa Byetnam kung saan ginamit ang buong puwersa ng modernong teknolohiyang pandigmaan sa isang maliit na bansang Asyano na lumalaban sa kolonyalismo. Sa ating bansa, si Marcos na kasasampa pa lamang sa pagka-presidente, ay walang pag-aatubliing pumayag sa mga Amerikano na magpadala ng PHILCAG sa Byetnam.

Dahil sa tumitinding sitwasyong pang-ekonomiya at pampulitika, nabuhay ang diwang makabayan at anti-imperyalista sa itinatag na mga bagong organisasyong pangmasa at pang-estudyante, pangunahin dito ang *Kabataang Makabayan*. Sa panahon ding ito itinatag ang *Communist Party of the Philippines* (CPP) sa bagong pamumuno at kaakibat nito ang *New Peoples Army* (NPA) sa kanayunan. Tumindi naman sa panahon ni Marcos ang panghahagupit sa mga puwersang rebolusyonaryo sa "counter-insurgency operations" na suportado ng gobyernong

Amerikano. Upang manatili si Marcos sa poder, idineklara niya ang *martial law* noong ika-21 ng Setyembre 1972. Maraming tumutol ang inaresto, sinalvage, nawala na hindi na nakita sa lungsod at sa kanayunan. Sa bandang huli, sa pag-aalsa ng EDSA, tuluyang pinabitiw na siya sa poder ng kanyang mga among Amerikano.

Walang nangyaring importanteng pagbabago noong gobyerno ni Cory Aquino na may malaking suporta ng Amerika hanggang sa iplano nila ang kanyang mga programa ayon sa prinsipyo ng "sentrismo" o Doktrina ng Panggitnang Puwersa. Bagamat malaking bahagi ng kanyang liderato ang pagkarelihiyoso at pagkamadasalin, walang alinlangan niyang sinuportahan ang mga kultong bihilante na nagsabog ng lagim sa Mindanao tulad ng brutal na pagpaslang kay Padre Favali. Ang mga grupong ito ay binuo ng CIA sa Mindanao upang kalabanin ang mga puwersang rebolusyonaryo sa lungsod at kanayunan.

Sa panahon naman ni Ramos nanawagan ang gobyerno ng Estados Unidos para sa globalisasyon. Ginamit ng Estados Unidos ang pagguho ng Unyon Sobyet para konsolidahin ang kanyang posisyon sa buong mundo. Sa mga sonang pang-ekonomiya tulad ng Europa at ng mga bansa sa loob ng Asya Pasipiko, papairalin ang mga patakaran ng globalisasyon: ang liberalisasyon ng pangangalakal, ang pagsasapribado ng mga korporasyon at serbisyong pampubliko, pati na ang mga pamantasan. Papasukan ng dambuhalang Estados Unidos na siyang may pinakamalaking kakayahan ang ekonomiya ng mga maliliit na bansa, magtatayo ng mga korporasyong isandaang porsyento ang kanilang kapital, bibili ng mga lupaing isandaang porsyento rin ang pag-aari, magtatatag ang *retail trade* dito kahit matagal na ipinaglaban na sa ating mga Pilipino lamang ito, at makikinabang sila sa pagbaba ng taripa at sa walang hadlang na pagbaha ng mga produkto nila dito. Hindi mahirap makita na ang pangunahing makikinabang sa estratehiyang ito ay ang Estados Unidos at ang malalamangan dito ay ang mga pambansang ekonomiya ng rehiyon. Kahit talamak na pambabraso ang mga kondisyong ito, marami ang kumakagat sa imperyalistang propagandang ang lahat daw ay mabibigyan ng pantay-pantay na pagkakataon ("level playing field");

magbubunga raw ito ng kompetisyon na ikabubuti ng mga lokal na produkto sa harap ng mga produkto ng Unang Mundo; at dahil sa mas mahigpit na pakikipag-ugnayan sa mga dambuhalang ekonomiya ng Kanluran magiging "world class" daw pati na ang ating mga likhang pangkultura at ang mga pamantasang pinapatakbong parang mga korporasyon. Pinapairal din ang paniniwala na sa loob ng globalisasyon na nilalarawan na isang relasyon ng malayang pagtutulungang pang-ekonomiya ng mga malalaki at maliliit na bansa ay nagkakaroon ng transpormasyon ang imperyalismo, napapawalang bisa ang negatibong aspekto nito at nagiging isang benepisyal na kaayusan na naghahasik ng biyaya para sa lahat. Ngunit ito ay malaking kabulaanan.

Kung susundin ang globalisasyon, ito ay magdudulot lamang ng malaking pinsala sa pambansang ekonomiya na maiiwang mistulang buto't balat. Hindi naglaon at nakita ang mga nakakapanirang epekto nito sa sunod-sunod na pagguho ng mga ekonomiya sa rehiyon at sa matinding krisis pang-ekonomiya at pampulitikang pumutok sa mga nakaraang taon. Ang dahilang ibinigay ay hindi raw napag-ukulan ng sapat na pag-aaral ang mga ispesipikong sangkap na panlipunan at pangkultura ng mga bansang ito, tulad raw ng sistema ng korupsyon sa gobyerno. Ngunit hindi ito ang tunay na dahilan kundi ang sistematikong paghihigop ng globalisasyon sa katas ng mga lokal na ekonomiya. Sa harap ng malaganap na krisis, may nangyaring pansamantalang pag-uurong sa panig ng Estados Unidos sapagkat nakita nitong hindi nakayanan ng mga ekonomiya ng Timog Silangang Asya ang malawakang pananalakay na inilunsad ng globalisasyon dito.

Kung ang globalisasyon ang magpapatupad ng hegemonya ng Estados Unidos sa larangan ng ekonomiya, mayroong katumbas din ito sa larangang pampulitika at pangmilitar. Noong nakaraang dekada ay naglunsad ng ilang pananalakay ang Estados Unidos sa ilang mga bansa sa Gitnang Silangan at Aprika bilang ganti raw nila sa terorismo. Halimbawa, bukod sa Iraq, pinagbobomba nila ang Apganistan na may isa sa pinakamailit na *per capita income* sa mundo, at binomba din nila ang Sudan na kasalukuyang nagdadanas ng matinding taggutom. Nang

matapos ang pambobomba, ang kanilang *military target* na akala nilang gumagawa ng *biological warfare* ay isang simpleng laboratoryo palang gumagawa ng mga gamot para sa mga karaniwang sakit. May pagbabanta ring ginawa kamakailan na maaring magpadala ang Estados Unidos ng mga tropa sa mga pook na may matinding krisis.

Dahil sa mga interbensyong ito nakikita natin ang dahilan kung bakit ibig ipatupad kaagad ng Estados Unidos ang *Visiting Forces Agreement* (VFA) dito sa Pilipinas. Matagal at matagumpay ang ating kampanya para sa pag-aalis ng mga base militar. Ngunit may pagtatangkang bumalik na naman ang mga kawal na Amerikano. Sa pamamaraan ng VFA, magkakaroon sila ulit ng base dito kung saan sila maaaring mag-stop-over para mag *R and R* o kaya maging lunsaran ng mga pananalakay sa iba't-ibang bansa. Kung papayagan ito ng Pilipinas tiyak na magiging.katulong ito sa mga interbensyonistang militar ng Estados Unidos at sa pandarambong nito sa mga bansang may sariling kapasyahan. Nakikita rin natin sa kasaysayan ng isang dantaong panghihimasok ng Imperyalismong Amerikano sa Pilipinas na ang VFA ang pinakabagong porma nito. At ang mariing pagtanggi natin dito ay hindi matatawaran—hindi ng pagbabalik na mga dambana ng Balangiga at hindi ng kanilang paghingi ng tawad, manikluhod man sa isang dantaong pinsalang ginawa sa ating bayan (na hindi naman nila kailanman aaminin). Ang pagtanggi sa pinakabagong pakana ng imperyalismong Amerikano—kahit ito lamang ang makuha nating aral sa ating pagpaparangal sa Sentenyal at sa pagdating ng *millenium* ay isang malaking bagay para sa kinabukasan nating lahat.